


Panukala para sa
Pagtataguyod ng
Sama-samang Pamumuhay ng
Iba't Ibang Kultura sa Aichi **2022**
~ Pag-uukol sa Sama-samang Pamumuhay ng
Iba't Ibang Kultura sa Aichi ~

Buod na Bersyon



Background sa Pagbabalangkas ng Panukala

Nabawasan ang bilang ng mga dayuhang residente sa prefecture na ito dahil sa paghina ng ekonomiya at iba pa, ngunit nalipat ito muli sa pagdami, at higit pang sumusulong ang pagkakaiba-iba ng nasyonalidad ng mga dayuhan. Patuloy pa ring darami maging sa hinaharap ang mga may pahintulot para sa paninirahang "Permanenteng Residente" na mamumuhay sa Japan, at dumarami rin ang mga "Technical Intern Trainee," "Student" at iba pa. Samantala, hindi gaanong sumusulong ang kamalayan ng mga Hapones na residente ng prefecture ukol sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura.

Layunin ng Pagbabalangkas ng Panukala

Hanggang sa kasalukuyan, ipinatutupad ang mga hakbangin batay sa Unang Panukala (ibinalangkas noong Marso 2008) at Ikalawang Panukala (ibinalangkas noong Marso 2013), ngunit sa pagpapatuloy ng permanenteng paninirahan, at pagsulong ng pagtanda ng unang salinlahi ng mga dayuhan, kinakailangan ang suportang tumutugon sa mga siklo ng buhay. At habang labis na maaasahan ang aktibong paglahok ng ikalawang salinlahi, kinakailangan ding higit pang magsikap sa pagpapalaganap ng kaisipan ukol sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura sa mga residente ng prefecture. Matapos isaalang-alang ang ganitong pagbabago, ibinalangkas ang ikatlong panukalang ito dahil may pangangailangang sistematiko at komprehensibong palawakin ang mga hakbangin para sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura, at itaguyod ang paglikha ng lipunan ng sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura.

Katayuan ng Panukalang Ito

May katangian bilang patnubay na nagpapahayag ng batayang kaisipan ng Aichi Prefecture kaugnay sa paglikha ng lipunan ng sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura, at katangian bilang limang-taong panukala ng pagkilos na sistematikong nagtatala ng hakbangin para sa pagtataguyod na isasagawa ng prefecture na ito at ng Aichi International Association. At upang tiyak na maitaguyod ang paglikha ng lipunan ng sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura, kasabay ng pagpapahayag ng tungkulin ng iba't ibang pangunahing tagakilos tulad ng bansa, prefecture, lungsod/bayan/baryo, samahan para sa pandaigdigang ugnayan, mga residente ng prefecture, NPO, mga kumpanya, pamantasan, at iba pa, ginawa itong panukalang masasanggurian sa aktuwal na pagsasagawa ng sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura ng lahat ng mga tagakilos.

Paraan ng Pagbabalangkas

- Pagsisiyasat sa "Kapulungan ng Pagsisiyasat sa Bagong Panukala para sa Pagtataguyod ng Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura sa Aichi (pansamantalang pangalan)"
- Higit na malawakang pagdinig ng mga palagay sa "Town Meeting ukol sa Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura sa Aichi" (3 lugar)
- Pagdinig ng mga idea ng batang salinlahi sa "Sesyon ukol sa Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura ng pamahalaan ng Aichi Prefecture at Meijo High School"
- Kasama ng pagtanggap ng komento mula sa publiko, pagdaraos ng "Pagpapaliwanag ukol sa Panukala" (3 lugar), at iba pa

Batayang Kaisipan sa Pagbabalangkas ng Panukala

Itinakda ang sumusunod na pangunahing pakay at ang 3 pakay ng hakbangin upang maabot iyon.

<Pangunahing Pakay>

Paglikha ng Mayaman at Masiglang Pamayanan mula sa Paghubog ng Lipunan ng Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura

- * Pakahulugan ng Lipunan ng Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura sa Panukalang Ito
"Komunidad kung saan nauunawaan ng lahat ng residente ng prefecture ang pangkulturang karanasan, pag-iisip at iba pa ng isa't isa, namumuhay nang magaan ang loob at maaaring aktibong lumahok sa kabila ng pagkakaiba sa nasyonalidad, lahi, at iba pa"

<Pakay ng Hakbangin>

I Patuloy na Suportang Tumutugon sa Siklo ng Buhay

Kasabay ng matagalang paninirahan/permanenteng paninirahan, habang nahaharap ang mga dayuhang residente ng prefecture sa mga suliranin katulad din ng mga Hapones sa bawat yugto ng buhay mula sa pagkabata hanggang sa pagtanda, mayroon ding katangi-tanging suliranin ang mga dayuhan dahil sa "hadlang sa wika," "hadlang sa sistema" at "hadlang sa damdamin." Dahil dito, hindi pag-iisipan nang bukod-bukod ang bawat hakbangin, kundi isasagawa ang hakbangin nang isinasaalang-alang ang koordinasyon sa kagalingan, paggamot, edukasyon, pag-iwas sa sakuna at iba pa, mula sa pananaw ng patuloy na suportang sumasaklaw sa buong siklo ng buhay.

👉 **Nilalayan ang 'Pagkakaugnay ng Suporta'.**



Patuloy na Suportang Tumutugon sa Siklo ng Buhay

II Paglikha ng Kaugnayan ng Sama-samang Pamumuhay na Umaalalay sa Isa't Isa

Mayroong pagkakataon kung kailan pinakikinabangan ng dayuhang matagal nang naninirahan ang kanyang karanasan sa pamumuhay sa Japan upang alalayan ang dayuhang bagong dating sa Japan. At mayroon ding pagkakataon na ang dayuhang sinuportahan naman ang namumuno sa pamayanan kung saan sumulong ang pagtanda ng populasyon, at iba pa; maaaring maging sinusuportahan ang taong sumuporta, o maaari ring bumaligtad ang katayuan. Bibigyang pansin ang ganitong pakikipag-ugnayan, at isasagawa ang paglikha ng kaugnayan ng sama-samang pamumuhay ng pag-alalay sa isa't isa ng mga kapwa dayuhang residente ng prefecture, dayuhang residente ng prefecture at Hapones na residente ng prefecture.

👉 **Nilalayan ang 'Pagkakaugnay ng mga Tao'.**



Paglikha ng Kaugnayan ng Sama-samang Pamumuhay na Umaalalay sa Isa't Isa

III Suporta sa Pamayanan kung saan Namumuhay kasama ng Dayuhang Residente ng Prefecture

Sa kalagayan kung saan karaniwan ang pagkakaroon ng dayuhang residente ng prefecture, mayroon pa ring pamayanang may ligalig sa pakikitungo sa mga dayuhan. Para sa mga ganitong komunidad na hindi sanay sa mga dayuhan, magsasagawa ng suporta sa mga samahan ng mga residente, tulad ng pagbibigay ng payo at impormasyon para makapamuhay nang sama-sama, at iba pa. At dahil hindi pa talagang sumulong ang pag-unawa sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura, isasagawa rin ang paghahatid ng kahulugan ng sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura na madaling maiintindihan, magsasagawa ng paghikayat para sa pag-unawa, at paglikha ng kamalayan sa buong prefecture.

👉 **Nilalayan ang 'Pagkakaugnay sa Pamayanan'.**



Suporta sa Pamayanan kung saan Namumuhay kasama ng Dayuhang Residente ng Prefecture

Direksiyon ng Hakbangin para sa Pagtataguyod

Nagtakda ng hakbangin para sa pagtataguyod ng bawat 3 pakay ng hakbangin, at magsasagawa ng aktuwal at bukod na proyekto.

Pangunahing Pakay	Paglikha ng Mayaman at Masiglang Pamayanan mula sa Paghuhubog ng Lipunan ng Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura	
Pakay ng Hakbangin	Hakbangin para sa Pagtataguyod	
<p style="text-align: center;">I</p> <p style="text-align: center;">Patuloy na Suportang Tumutugon sa Siklo ng Buhay</p>	<p>① Yugto ng pagkasanggal</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsasagawa ng hakbang ng pagsuporta sa panganganak/pagpapalaki ng anak at koordinasyon sa kinaaukulang mga departamento Pagtulak ng pagtatayo ng salon ng iba't ibang kultura para sa pagpapalaki ng anak Naaangkop na pagsasagawa ng proyekto upang mapangalagaan ang kalusugan ng ina at anak Suporta para sa maayos na pagpasok sa mababang paaralan Suporta para sa pagtamo ng wika mula sa yugto ng pagkasanggal <p>② Yugto ng pagkabata</p> <ul style="list-style-type: none"> Garantiya ng pagkakataong mag-aral sa pampublikong paaralan Pagsisiyasat ukol sa pagtugon sa batang mag-aaral na nangangailangan ng bukod-tanging suporta Suporta sa mga paaralang pandayuhan Paghikayat ng pagsasagawa ng pagsusuring pangkalusugan sa mga paaralang pandayuhan Suporta para sa malusog na paglaki at pagsasakatuparan ng sarili Pagsisikap para sa pag-iwas sa pagkakasala ng kabataan at upang hindi masangkot sa krimen Suporta para sa pagtamo ng wikang Hapon ng mga bata 	<p>③ Yugto ng pagbibinata/pagdadalaga</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtulak ng pagkakataong mag-aral sa mataas na paaralan atbp. Suporta para sa pag-uugnay sa panlipunang kasarinlan Paglikha ng network ng ikalawang salinlahi Pagtugon sa mapanganib na kapaligiran atbp. Pagsasaganap ng pag-aaral ng wikang Hapon sa yugto ng pagbibinata/pagdadalaga <p>④ Yugto ng pagiging tigulang (adult)</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsasaganap ng karta para sa mga dayuhang manggagawa Paghikayat sa bansa at pagsasagawa ng pagsasanay para sa hanapbuhay Pagsasaayos ng kapaligiran para sa pagtatrabaho Pagbibigay ng impormasyon para sa pagtatayo ng negosyo Suporta para sa pag-aasawa/paghuhubog ng pamilya Suporta para sa pagpapalano ng pamumuhay Suporta para sa maayos na pagpasok sa tirahan ng mga dayuhan Pagtugon para sa mga taong may suliranin sa kalusugang mental at taong may kapansanan Pagsasaganap ng edukasyon sa wikang Hapon na nakikipag-ugnayan sa kinaaukulang institusyon
<p style="text-align: center;">II</p> <p style="text-align: center;">Paglikha ng Kaugnayan ng Sama-samang Pamumuhay na Umaalalay sa Isa't Isa</p>	<p>⑦ Kaugnayan ng mga Kapwa Dayuhang Residente ng Prefecture</p> <ul style="list-style-type: none"> Paglikha ng pagkakataon upang makapagturuan ang mga kapwa dayuhang residente ng prefecture Paglikha ng pagkakataon para sa pagtiyak ng identity Paglikha ng pagkakataon para sa paghahalubilo at pagtutulungan ng mga salinlahi <p>⑧ Kaugnayan ng mga Dayuhan at Hapones na Residente ng Prefecture</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtataguyod ng suporta para sa matatanda at homeless na Hapones Pagtataguyod ng suporta sa panahon ng sakuna Pagtataguyod ng mga boluntaryong gawain ng mga Hapones na residente ng prefecture <p>⑨ Kaugnayan ng mga Dayuhang Residente ng Prefecture at ng Pamayanan</p> <ul style="list-style-type: none"> Paghikayat sa mga pamayanan at kumpanya upang mapakinabangan ang kakayahan ng mga dayuhang residente ng prefecture Pagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang wika, atbp. Paglahok ng mga dayuhang residente ng prefecture sa hakbangin, plano ng proyekto, pagpapatakbo, atbp. 	<p>⑤ Yugto ng pagtanda</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsisiyasat ukol sa pagsisikap kaugnay sa pagtanda Pasalitang pagsasaling nauukol sa long-term care at malawakang pagpapalaalam ukol sa sistema ng long-term care Pagsasaayos ng kapaligirang nagsasaalang-alang sa matatandang dayuhan Suporta ng pagtugon sa paghahanda para sa pagsakabilang buhay Pagtulak ng pagsapi sa pensyon <p>⑥ Para sa lahat ng edad</p> <p>(Paggamot)</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapalaganap ng sistema ng pasalitang pagsasaling medikal ng Aichi Pag-aangat ng kasanayan ng medikal na tagapagsalin Pagbibigay ng impormasyon sa mga medikal na institusyong maaaring tumugon sa dayuhang wika, atbp. <p>(Pag-iwas sa sakuna)</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagpapahusay ng pagpapatakbo ng Sentro ng Suporta sa Iba't Ibang Wika para sa Sakuna ng Aichi Prefecture Pagpapalaganap ng “Yasashii Nihongo (Mading Wikang Hapon)” atbp. Pagpapalaganap ng “Pag-iwas sa Sakuna para sa Iba't Ibang Kultura” <p>(Sistema)</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagsasaganap ng sistema ng konsultasyon sa tauhan ng gawaing panlipunan para sa iba't ibang kultura Koordinasyon sa Pangkalahatang Konsulado ng Brasil sa Nagoya Pag-aangat ng kabatiran ng mga empleado Pagpapatuloy ng pagkakaugnay sa mga dalubhasa Koordinasyon sa mga samahan at indibidwal na magkakaiba ang katayuan
<p style="text-align: center;">III</p> <p style="text-align: center;">Suporta sa Pamayanan kung saan Namumuhay kasama ng Dayuhang Residente ng Prefecture</p>	<p>⑩ Suporta sa Pamayanan, atbp.</p> <ul style="list-style-type: none"> Suporta para sa mga lungsod/bayan, baryo Suporta para sa pamayanan Suporta para sa negosyo Suporta para sa pag-unawa ng relihiyon, kultura, atbp. <p>⑪ Paglikha ng Kamalayan ng Buong Prefecture</p> <ul style="list-style-type: none"> Pagtulak ng pag-unawa sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura Pagsasagawa ng edukasyon ukol sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura para sa mga bata Paglikha ng lipunan kung saan ginagalang ang karapatang pantao 	

Hakbanging Bibigyan ng Priority/Target na Bilang

Hakbangin	Kasalukuyang Kalagayan	Target	Pangunahing Makikipag-ayos na Departamento/Samahan, atbp.	
1	Itutalak ang pagtatayo ng salon ng iba't ibang kultura para sa pagpapalaki ng anak	Hindi pa tinatayo	15 lugar	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, Departamento ng Kalusugan at Kagalingan, mga lungsod/bayan/baryo, NPO atbp.
2	Babawasan ang bilang ng dayuhang batang mag-aaral na tinatayang hindi nakatala o hindi pumasok sa paaralan	2,664 katao	1,800 katao	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, Lupon ng Edukasyon, mga lungsod/bayan/baryo, NPO atbp.
3	Pararamihin ang bilang ng dayuhang mag-aaral na pumapasok sa mataas na paaralan	1,295 katao	1,500 katao	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, Lupon ng Edukasyon, NPO atbp.
4	Isasagawa ang panimulang edukasyon sa wikang Hapon sa pamayanan	Hindi pa isinasagawa	Isasagawa sa 3 lugar	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, mga dalubhasa, NPO atbp.
5	Magbibigay ng impormasyon para sa pagtulak ng pagsapi sa long-term care insurance at sa sistema ng pensyon	Hindi pa isinasagawa	Isasagawa 2 beses/taon	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, Kapulungan ng Kagalingang Panlipunan atbp.
6	Pararamihin ang bilang ng ipinapadalang tagapagsalin mula sa sistema ng pasalitang pagsasalang medikal	1,279 kaso	1,500 kaso	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, Departamento ng Kalusugan at Kagalingan, mga medikal na institusyon atbp.
7	Magdaraos ng town meeting	(Idaraos para sa pagbabalangkas ng panukala)	Idaraos 3 beses/taon	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, iba't ibang namumuno
8	Tutungo sa komunidad ng mga dayuhan at magsasagawa ng pagpapalitan ng palagay	Hindi pa isinasagawa	Isasagawa 2 beses/taon	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, komunidad ng mga dayuhan atbp.
9	Maglalaan ng pagkakataon upang maipahatid ng mga dayuhang residente ng prefecture ang kaakit-akit na katangian ng pook na kanilang tinitirahan	Sinisiyasat	Isasagawa sa 3 pook	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, mga lungsod/bayan/baryo, samahan para sa pandaigdigang ugnayan ng lungsod/bayan, mga dayuhang residente ng prefecture atbp.
10	Magsasagawa ng pagbibigay ng impormasyon at iba pa ukol sa paglikha ng pamayanan ng sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura sa mga samahan ng mga residente atbp.	Hindi pa isinasagawa	Isasagawa 3 beses/taon	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, mga lungsod/bayan/baryo, samahan ng mga residente, NPO atbp.
11	Pupunta (sa mga paaralan atbp.) para magturo sa mga bata ukol sa pag-unawa sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura	Hindi pa isinasagawa	Isasagawa 3 beses/taon	Departamento ng Ugnayang Pampayanan, mga mababang paaralan atbp.

* Ang "Target na Bilang" ay itinalaga bilang saligan upang mapalakas ang bisa, at magsasagawa ng kinakailangang pagsusuri habang malawakang pinakikingan ang palagay ng iba't ibang tao upang marating ang "Pangunahing Pakay" at "Pakay ng Hakbangin."



[Pagtatayo ng Salon ng Iba't Ibang Kultura para sa Pagpapalaki ng Anak]
Titipunin sa "Salon ng Iba't Ibang Kultura para sa Pagpapalaki ng Anak" na magiging sentro ng pagbibigay ng kinakailangang impormasyon sa pagpapalaki ng anak at pagtulak ng pagtamo ng wikang Hapon ng mga magulang/tagapag-alaga sa pamamagitan ng koordinasyon sa mga lungsod/bayan/baryo, habang nagpapalitan ng palagay kaugnay sa pagpapalaki ng anak at naglalaro ang mga magulang at anak. Maaari ring lumahok sa salon ang mga Hapones na magulang at anak, at gagawin itong lugar para sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura kung saan mapalalalim ang pakikipag-ugnayan at pag-uunawaan.

[Pagsasagawa ng Panimulang Edukasyon sa Wikang Hapon sa Pamayanan]
Magsasagawa ng pagsisiyasat ukol sa panimulang edukasyon sa wikang Hapon sa pamayanang magiging panlipunang impraestruktura sa pagtanggap ng mga dayuhan, at magdaraos ng panghuwarang klase ng panimulang wikang Hapon habang nakikipagtulungan sa mga dalubhasang institusyon para sa mga dayuhang residente ng prefecture na halos hindi nakapagsasalita ng wikang Hapon.



[Pagdaraos ng Town Meeting]
Hindi lamang ang prefecture, kundi gumaganap din ng kani-kanilang tungkulin sa pagtataguyod ng sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura ang iba't ibang namumuno tulad ng mga lungsod/bayan/baryo, samahan para sa pandaigdigang ugnayan, NPO, kumpanya, pamantasan, paaralan, samahan ng mga residente. Dahil dito, kasabay ng pakikipag-ugma at pakikipagtulungan sa pantay-pantay na katayuan habang pinakikinabangan ng mga tao mula sa iba't ibang katayuan ang katangian ng isa't isa, magdaraos ng town meeting upang mapag-usapan ang hakbangin ng prefecture na ito para sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura.

[Pagpunta (sa mga paaralan atbp.) para Magturo sa mga Bata ukol sa Pag-unawa sa Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura]


Pupunta ang empleado sa mababang paaralan at iba pa, at gamit ang video, larawan, at iba pa, magtuturo ukol sa pag-unawa sa sama-samang pamumuhay ng iba't ibang kultura para sa mga bata.



Panukala para sa Pagtataguyod ng Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura sa Aichi 2022

~ Pag-uukol sa Sama-samang Pamumuhay ng
Iba't Ibang Kultura sa Aichi ~

Panahon ng Panukala 2018-2022



Marso 2018

Seksyon para sa Sama-samang Pamumuhay ng Iba't Ibang Kultura, Dibisyon ng Pagtataguyod sa Gawaing
Panlipunan, Departamento ng Ugnayang Pampayanan, Pamahalaan ng Aichi Prefecture

3-1-2 Sannomaru, Naka-ku, Nagoya-shi ZIP 460-8501

Telepono: 052-954-6138 (direktang linya) FAX: 052-971-8736 E-mail: tabunka@pref.aichi.lg.jp

<http://www.pref.aichi.jp/syakaikatsudo/tabunka.html> <https://www.facebook.com/Aichitabunkakyouseinet>



Aichi Tabunka
Kyōsei Net



facebook